

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang lahat ng parke sa Hunyo 11, na may pangkaligtasang mga limitasyon

Magsasara ang mga parke sa 10 PM gabi-gabi

BRAMPTON, ON (Hunyo 8, 2020) – May pagtubay mula sa Peel Public Health, muling bubuksan ng Lungsod ng Brampton ang lahat ng 500+ parke sa Huwebes, Hunyo 11. Kabilang dito ang bukas na shade at mga picnic shelter, mga bench, mga parke ng walang tali na aso, White Spruce Park disc golf course, at skate parks (hindi kabilang ang Chinguacousy Park). Magsasara ang mga parke sa 10 PM bawat gabi. Ang tennis at pickleball courts, Peel Village Golf Course at Brampton Cemetery ay mananatili ring bukas.

Ang lahat ng playground at mga istruktura ng laro, sports fields at mga amenity, outdoor fitness equipment, outdoor swimming pools, splash pads/wading pools, washrooms, at drinking water systems ay mananatiling sarado at hindi pwedeng pasukan ng publiko.

Bilang karagdagang paraan para matiyak ang pagiging ligtas ng komunidad, ang lahat ng outdoor playground at fitness equipment ay babalutin ng kahel na plastic fencing para hindi maihikayat ang paggamit ng publiko habang nananatiling sarado ang mga amenidad na ito.

Ang mga residente ay pinaalalahanan na batay sa kautusan sa emergency ng Pamahalaan ng Ontario, ang mga pagtitipon ng higit sa limang tao ay hindi pinapayagan sa panahong ito. Simula Biyernes, Hunyo 12, 2020 sa 12:01 AM, dadagdagan ng lalawigan ang limitasyon sa pagtitipon mula lima hanggang 10 tao. Ang layo na hindi bababa sa 2.0 metro (0 anim na piye) ay kailangang pananatilihin sa lahat ng oras mula sa sinuman na hindi kasama sa bahay ng isang residente.

Idadagdag ang karagdagang mga garbage can dahil nagbubukas ang mga amenity, at ipapatupad ang pinaigting na pag-inspeksyon at pagtanggap ng mga basura kung kinakailangan.

Shade at mga Picnic Shelter

Gagawin ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba. Ang shade/mga picnic shelter ay magkakaroon ng mahigpit na limitasyon ng pinakamaraming gagamit na malinaw na minarkahan sa karatulang ipinaskil kung saan naroroon ang mga shelter.

Hinihikayat ang mga residente na magdala ng kanilang sariling mga upuan para gamitin ang mga shade shelter, dahil lilimitahan ng staff ng Lungsod ang access sa mga mesa at upuan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Kailangang dalhin pabalik ng mga residente ang kanilang mga upuan sa bahay pagkatapos gamitin. Ang anumang mga upuan na maiiwan sa parke ng Lungsod ng Brampton nang buong gabi ay tatanggalin at itatapon.

Walang papayagang pagbo-book sa panahong ito para sa mga picnic shelter at mga espasyo ng parke hanggang sa karagdagang abiso.

Mga Parke ng mga Asong Walang Tali

Ang apat na parke ng mga asong walang tali sa Brampton ay magkakaroon ng mahigpit na limitasyon sa pinakamaraming gagamit na malinaw na minarkahan sa karatulang ipinaskil.

- Bramalea Ltd Community Park (1030 Williams Parkway)
- Chris Gibson Park (135 McLaughlin Road North)
- Duggan Park (73 Vodden Street East)
- White Spruce Park (10302 Heart Lake Road)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga parke ng asong walang tali, i-click [dito](#).

Programa ng Ambassador ng Parke

Ang pagbibigay kaalaman sa mga residente tungkol sa kahalagahan ng mga patnubay ng pisikal na paglayo mula sa iba ay ang susi sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Simula Hunyo 13, sa mga weeknight at mga weekend, ang staff ng Lungsod ay nasa mga parkeng may maraming gumagamit na nakikipag-ugnay at nagpapayo sa mga residente tungkol sa ginagawang mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan.

Magpapatuloy ang Corporate Security Services sa pag-monitor sa mga parke. Ang mga indibidwal na hindi sumusunod sa regulasyon ng paglayo sa iba ay maaaring mamumultahan ng minimum na \$500 para sa bawat paglabag, ayon sa Ordinasang mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19 ng Brampton. Hinihiling ang mga residente na tumawag sa 311 para isumbong ang hindi pagsunod.

Mga Pamamaraang Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa COVID-19

Nangunguna sa isip ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, gagawin sa mga parke sa Brampton ang mga pamamaraan ng mahigpit na paglayo mula sa iba. Kailangang panatilihin ang layo na hindi bababa sa 2.0 metro (o anim na piye) sa lahat ng oras mula sa isang tao na hindi kasama ng residente sa bahay. Hinihikayat ng Lungsod ang mga residente na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na maghugas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para matuloy na subaybayan ang mga ito para ma-monitor ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update, at tawagan ang 311 para makontak ang Lungsod ng Brampton at ang Rehiyon ng Peel anumang oras.

Mga Quote

“Habang umiinit ang panahon, nauunawaan natin na gustong lumabas ng mga residente sa kanilang mga bahay at mag-enjoy sa sariwang hangin. Mahigpit tayong nakikipagtulungan sa Peel Public Health para matiyak na binuksan natin ang mga amenity kapag ligtas na itong gawin. Nananatiling prayoridad natin ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad, at naniniwala akong igagalang ng mga residente ang mga patnubay at isagawa ang paglayo mula sa iba habang nasa labas sila, ini-enjoy nila ang ating mga parke.

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng Working Group sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, patuloy tayong magkakaroon ng makahulugang mga talakayan sa komunidad para matiyak ang komprehensibong paraan sa muling pagbubukas ng ating mga pasilidad at mga amenity. Nilalayan nating maingat na balansehin ang mga pangangailangan ng mga residente at lahat ng stakeholder ng Lungsod, habang inuuna ang kalusugan at kaligtasan.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Ang ligtas na muling pagbubukas sa mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod ay ang nangungunang prayoridad para sa Lungsod ng Brampton at ating staff. Magpapatuloy tayong gumawa ng kailangang mga hakbang para matiyak na muli nating binubuksan ang mga serbisyo ng Lungsod sa publiko sa isang responsable at ligtas na paraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Sa summer na malapit nang darating, ang dahan-dahang muling pagbubukas ng mga outdoor na espasyo tulad ng mga parke ng mga aso na walang tali ay magbibigay sa mga residente ng pagkakataon na makalabas. Makakatulong ito sa pagtataguyod ng pisikal na aktibidad at mental na kabutihan, ngunit mahalagang tandaan na ang bukas na mga amenity ay hindi nangangahulugan na pwede na tayong huminto sa pagiging masipag. Kailangang magpatuloy ang mga residente sa pagsunod sa mga rekomendasyon para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang pananatiling dalawang metro ang layo mula sa iba, pag-iwas sa umpukan ng mga tao sa pamamagitan ng pagsunod sa pinakamalaking bilang ng mga tao at aso sa mga tagpuan na ito, madalas na paghuhugas ng mga kamay matapos ang bawat pagbisita, at magpapa-test at pananatili sa bahay kung may sakit ay lahat nga susi sa pag-abante.”

- *Dr. Lawrence Loh, Pansamantalang Medical na Opisyal sa Kalusugan, Peel Public Health*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA A

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca